Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# Baitang – 5 Filipino Modyul 6


**Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writer:** | Ms. Excel Dominguez |
| **Illustrator:** | Ms. Excel Dominguez |
| **Layout Artist:** | Mrs. Arlyn P. Duque |
| **Content Editors:** | Mrs. Ofelia F. Cruz, Ms. Marites M. Tabor |
| **Language Editors:** | Mrs. Ofelia F. Cruz Mrs. Gina C. Gungon<br>Mrs. Aubrey C. Arebuabo |
| **Management Team:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Mauro C. De Gulan, SDS SDO – Malabon City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Dr. Josefina M. Pablo, CID Chief SDO Malabon City<br>Dr. Ma. Gloria G. Tamayo EPS, FILIPINO - NCR<br>Mr. Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Ms. Ofelia F. Cruz SDO EPS, Filipino/ MTB- Malabon City<br>Ms. Dalisay E. Esguerra, LR EPS SDO – Malabon City<br>Ms. Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Ms. Ana Lisa M. Mesina, PDOII SDO – Malabon City |

# MODYUL 6: PAGBIBIGAY NG MGA SALITANG MAGKAKASALUNGAT AT MAGKAKASINGKAHULUGAN PAGBIBIGAY NG ANGKOP NA PAMAGAT SA TEKSTONG NAPAKINGGAN/NABASA

## Inaasahan

- Naibibigay ang mga salitang magkakasalungat at magkakasingkahulugan (F5WG-IIIj-8)
- Naibibigay ang angkop na pamagat sa tekstong napakinggan/nabasa (F5PU-IId-2.10, F5PU-IIh-2.9, F5PU-IIj-2.3)

## Unang Pagsubok

**Panuto:** Basahin ang mga talata at ibigay ang angkop na pamagat.

1. Ang puto bumbong, bukod sa kilalang pagkaing Pinoy ay kabilang din sa tradisyon ng Paskong Pilipino. Ito ay kulay ube o lila at kakaning gawa sa giniling na malagkit na bigas o galapong. Isa ito sa mga popular na pagkaing mabibili tuwing sasapit ang panahon ng kapaskuhan.

Pamagat: ___________________________________________

2. Ang mga karaniwang sintomas ng COVID-19 batay sa *World Health Organization* o (WHO) ay lagnat, pagkapagod, at *dry cough* o tuyong ubo. Ilan sa mga pasyente ay nakararanas ng sipon at baradong ilong, *sore throat*, o *diarrhea*. Habang isa lamang sa anim na pasyente ang nagkakaroon ng hirap sa paghinga at nagiging malubha ang kalagayan.

Pamagat: ___________________________________________

## Balik-Tanaw

**Panuto:** Basahin ang mga talata. Tukuyin ang paksang pangungusap ng bawat talata. Isulat ang sagot sa patlang.

1. Ang Bitamina C ay tumutulong upang maiwasan ang *Chronic Disease*. Bumababa ang posibilidad ng pagkakaroon ng *heart disease*. Napapanatiling normal ang *blood uric acid level* para maiwasan ang *gout attack*. Ito rin ay panlaban sa *iron deficiency* at pampalakas ng resistensya. Ito ang mga benepisyo ng Bitamina C sa ating katawan.

Paksang pangungusap: ____________________________________

2. May iba't ibang kahulugan ang mga kulay. Narito ang ilan sa mga kulay at kahulugan nito. Ang puti ay kalinisan samantalang ang itim ay kalungkutan. Ang pula ay nangangahulugan ng katapangan at ang asul naman ay kapayapaan. Kasaganahan ang berde, pag-big ang rosas at panibugho ang dilaw.

Paksang pangungusap: ______________________________________

## Maikling Pagpapakilala sa Aralin

Alam mo ba ang iba't ibang tawag sa bitamina? Isa ito sa mga kailangan ng ating katawan lalo na sa panahon ngayon. Basahin ang teksto tungkol sa isang uri ng bitamina at sagutin ang mga tanong.

Napakahalaga ng Bitamina A sa ating katawan. Ito ang tumutulong sa *paglinaw* ng ating mga mata. Kailangan din ito upang labanan ang iba't ibang impeksiyon ng katawan at para sa maayos na paglaki ng mga bata. Ang mga pagkaing mayaman sa Bitamina A ay atay ng manok o baka, dilis, mga lamang dagat tulad ng tahong at tulya itlog, gatas, keso, luntian at dilaw na gulay at prutas. Ang kakulangan sa bitaminang ito ay maaaring magdulot ng *paglabo* ng ating paningin at madaling dapuan ng sakit dahil hihina ang inyong resistensiya.

1. Ano ang paksa ng binasang teksto?
2. Ano-ano ang mga kaisipang natutuhan sa teksto?
3. Ano-ano ang benepisyong dulot ng Bitamina A?
4. Ano-ano ang mga pagkaing may taglay na Bitamina A?
5. Ano ang angkop na pamagat sa binasang teksto?

Sa pagbibigay ng pamagat ng isang teksto/talata o kuwento, alamin mo muna ang paksang-diwa o paksang pangungusap. Ang mga ito ay nagbibigay ng ideya sa pagpili ng pamagat. Ang pangunahing diwa ang pinakabuod ng mga pangyayari sa talata o kuwento. Ang paksang pangungusap ang pinagtutuunan ng mga detalye upang mabuo ang pangunahing diwa ng teksto/talata o kuwento. Ginagamit ang malaking titik sa mahahalagang salita sa pamagat ng teksto/talata o kuwento. Ang unang salita sa pamagat ay sinisimulan din sa malaking letra.

Napapansin mo ba ang mga salitang may salungguhit sa teksto?
Ano-ano ang mga iyon?
Ano ang napansin mo sa pares ng salita?
Magkapareho o magkaiba ba sila ng ibig sabihin?

Ang pares ng mga salita ay **magkasingkahulugan.**

**Magkasingkahulugan** ang tawag sa pares ng mga salitang magkapareho ang kahulugan.

Halimbawa:

masikap - matiyaga
malakas - matipuno
maganda - kaakit-akit
mayaman - masalapi
dalisay - busilak
matiwasay - tahimik
dukkha - maralita

Napansin mo ba ang mga salitang nakasulat nang pahilis?
Ano-ano ang mga iyon?
Ano ang napansin mo sa pares ng salita?
Magkapareho o magkaiba ba sila ng ibig sabihin?

Ang pares ng mga salita ay magkasalungat. **Magkasalungat** ang tawag sa pares na mga salitang magkaiba ang kahulugan.

Halimbawa:
masaya - malungkot
puti - itim
malayo - malapit
mabango - mabaho
mataas - mababa
matibay - marupok

## Gawain

**A. Panuto:** Basahing mabuti ang teksto. Ibigay ang angkop na pamagat.

____________________________________

Inaanyayahan ng Kagawaran ng Kalusugan ang publiko na ugaliin ang paghuhugas ng kamay. Sundin ang tamang paraan ng pag-ubo. Laging magdala ng panyo o *tissue*. Takpan ang buong ilong at bibig gamit ang panyo o *tissue* (maaaring gamitin ang manggas o loob ng siko). Lumayo sa mga tao kung babahin o uubo. Huwag dumura kung saan-saan. Itapon ang ginamit na *tissue* sa basurahan. Laging maghugas ng kamay. Gumamit ng *hand sanitizer* o *alcohol*. Iwasan ang paghawak sa mga hayop. Siguraduhing luto nang maayos ang pagkain. Panatilihing malusog ang sarili upang lumakas ang resistensya. Ito ang mga dapat gawin sa pag-iwas sa COVID-19.

**B. Panuto:** Ibigay ang kasalungat ng mga salitang may salungguhit. Isulat ang sagot sa patlang.

1. Masaya ang pamilyang namumuhay na may pagmamahalan. ______________
2. Binigyan nang malaking halaga ang kanyang magulang para gawing puhunan sa negosyo. _______________
3. Binilhan ng mag-asawa ang kanilang mga anak ng damit na bago.____________
4. Maralita man sila ngunit maligaya naman ang kanilang pamumuhay.___________
5. Mabilis tumakbo ang bata habang bitbit ang pasalubong ng kaniyang ama.______

**C. Panuto:** Piliin sa loob ng kahon ang kasingkahulugan ng mga salitang may salungguhit sa pangungusap.

| | | |
|---|---|---|
| masikap | mahinahon | marumi |
| maaliwalas | matatag | marunong |

1. Siya ay mapagtimpi kaya marami siyang kaibigan.
2. Magandang pagmasdan ang malinis na kapaligiran.
3. Tinitingala si Krysta ng kanyang mga kaklase dahil isa siyang masipag at matalinong mag-aaral.
4. Ang batang matiyaga ay may magandang kinabukasan.
5. Malakas ang pangangatawan kung palaging kumakain ng gulay at prutas.

## Tandaan

**Magkasingkahulugan** - ay mga salitang magkatulad ang kahulugan.
Halimbawa:

masaya - maligaya
matulin - mabilis

**Magkasalungat** - ay mga salitang magkaiba ang kahulugan.

Halimbawa:

malinis - marumi
matulin - makupad, mabagal

Sa pagbibigay ng pamagat ng isang teksto o kuwento, alamin muna ang paksang-diwa o paksang pangungusap. Ang mga ito ay nagbibigay ng ideya sa pagpili ng pamagat. Ang pangunahing diwa ang pinakabuod ng mga pangyayari sa talata o kuwento. Ang paksang pangungusap ang pinagtutuunan ng mga detalye upang mabuo ang pangunahing diwa ng teksto/talata o kuwento. Ginagamit ang malaking titik sa mahahalagang salita sa pamagat ng teksto/talata o kuwento. Ang unang salita sa pamagat ay sinisimulan din sa malaking letra.

**Pag-alam sa Natutuhan**

**A. Panuto:** Ibigay ang kasalungat o kasingkahulugan ng mga salita batay sa hinihingi sa bawat bilang.

______1. maganda- ______________ kasingkahulugan
______2. mabilis- _______________kasalungat
______3. marunong-______________ kasingkahulugan
______4. mura- __________________kasingkahulugan
______5. matapang- ______________kasalungat
______6. labis-____________________kasalungat
______7. mahalimuyak-____________kasingkahulugan
______8. marupok- _______________kasalungat
______9. payapa- ________________kasingkahulugan
______10. mabuti- ________________kasingkahulugan

**B. Panuto:** Basahin at unawain. Ibigay ang angkop na pamagat ng teksto.

Ang *coronavirus* ay isang bagong uri ng *virus*. Ito ay nagdulot ng malalang *pneumonia* sa maraming tao sa Tsina at kumalat na rin sa iba pang mga siyudad at bansa. Noong ika-30 ng Enero 2020, inirekomenda ng *World Health Organization* na palitan ang opisyal na pangalan nito sa *"2019 Novel Coronavirus Acute Respiratory Disease"* o 2019-NCoV ARD.

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto:** Basahin ang teksto at sagutin ang mga tanong pagkatapos. Isulat ang letra ng tamang sagot.

Ang piyesta ay isang pagdiriwang bilang pag-alala sa isang mahalagang araw na karaniwang kaarawan ng mga patron ng isang bayan. Isa itong tradisyon ng mga Pilipino. Ipinagdiriwang ang piyesta bilang pasasalamat na rin para sa mga biyayang ipinagkaloob. Bahagi na rin ang piyesta ng ating kultura. Ang mga piyesta ay karaniwang tungkol sa relihiyon dahil sa impluwensya ng mga Kastila. Ang hindi paglimot ng mga Pilipino sa pagdiriwang ng piyesta ay tanda ng pagpapahalaga sa tradisyong ito. Ito ay ang panahon ng kasiyahan at kagalakan para sa mga tao.

1. Ano ang angkop na pamagat ng teksto?
   A. Pagdiriwang
   B. Pagpapasalamat
   C. Ang piyesta ay isang pagdiriwang
   D. Ang Piyesta

2. Paano isinusulat ang pamagat ng teksto?
   A. Ang unang salita sa pamagat ay nagsisimula sa maliit na letra.
   B. Lahat ng salita sa pamagat ay nagsisimula sa malaking letra.
   C. Nakasulat sa malalaking letra ang bawat titik.
   D. Ginagamit ang malaking letra sa mahahalagang salita sa pamagat.

3. Ano ang mga salitang magkasingkahulugan sa teksto?
   A. kaarawan-pagdiriwang
   B. piyesta-tradisyon
   C. kasiyahan-kagalakan
   D. relihiyon-tradisyon

4. Ano ang mga salitang magkasalungat sa teksto?
   A. kaarawan-pagdiriwang
   B. pag-alala-paglimot
   C. kasiyahan-kagalakan
   D. relihiyon-tradisyon

5. Ano ang kasalungat ng salitang ***kasiyahan***?
   A. kaligayahan
   B. kalungkutan
   C. kagandahan
   D. kabutihan

## Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok**

1. Ang Puto Bumbong
2. Mga Sintomas ng COVID-19 *(Maaring tanggapin ang malapit na sagot )*

**Balik Tanaw:**

1. Ito ang mga benipisyo ng Bitamina C sa ating katawan.
2. May iba't ibang kahulugan ang mga kulay.

**Maikling Pagpapakilala sa Aralin:**

**Gawain A**

1. Mga Dapat Gawin sa Pag-iwas sa COVID-19

| **Gawain B** | **Gawain C** |
|---|---|
| 1. malungkot | 1. mahinahon |
| 2. maliit | 2. maaliwalas |
| 3. luma | 3. marunong |
| 4. mayaman | 4. mayaman |
| 5. mabagal | 5. mabagal |

**Pag-alam sa Natutunan:**

**A.** Tanggapin ang sagot ng mga mag-aaral kung angkop na kasingkahulugan o kasalungat.

**B**. Ang *coronavirus (Maaring tanggapin ang malapit na sagot)*

**Pangwakas na Pagsusulit:**

1. D
2. D
3. C
4. B
5. B

**Sanggunian:**

DepEd Commons K12 MELCs